Ang bawat isa sa inyo ay tagapangalaga saka pinananagot sa alaga niya

Ayon kay `Abdullāh bin `Umar (malugod si Allāh sa kanilang dalawa): {Ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsabi: "Ang bawat isa sa inyo ay tagapangalaga saka pinananagot sa alaga niya. Kaya ang pinuno sa mga tao ay tagapangalaga at siya ay pinananagot sa kanila. Ang lalaki ay tagapangalaga sa sambahayan niya at siya ay pinananagot sa kanila. Ang babae ay tagapangalaga sa bahay ng asawa niya at anak nito at siya ay pinananagot sa kanila. Ang pinapanginoon ay tagapangalaga sa ari-arian ng amo niya at siya ay pinananagot dito. Pansinin, bawat isa sa inyo ay tagapangalaga at bawat isa sa inyo ay pinananagot sa alaga niya."}

[Tumpak] [Nagkasang-ayon sa katumpakan nito]

Nagpapabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na sa bawat Muslim sa lipunan ay may pananagutang pangangalagaan niya at papasanin niya. Ang tagapanguna at ang pinuno ay tagapangalaga sa ipinangalagaan sa kanya ni Allāh kaya kailangan sa kanya ang mag-ingat sa mga batas nila, ang magsanggalang sa kanila laban sa nang-api sa kanila, ang makibaka sa kaaway nila, at ang hindi magwala sa mga karapatan nila. Ang lalaki sa sambahayan niya ay naatangan ng pagsasagawa sa kanila ng paggugol, kagandahan ng pakikisama, pagtuturo sa kanila, at pagdisiplina sa kanila. Ang babae sa bahay ng asawa niya ay tagapangalaga sa pamamagitan ng kagandahan ng pangangasiwa sa bahay nito at pagpapalaki sa mga anak nito. Siya ay pinananagot doon. Ang tagapaglingkod na minamay-ari o ang upahan ay pinananagot sa ari-arian ng amo niya sa pamamagitan ng pagsasagawa ng pag-iingat sa anumang nasa kamay niya mula sa amo at paglilingkod dito. Siya ay pinananagot doon. Kaya ang bawat isa ay tagapangalaga sa ipinangalagaan sa kanya at ang bawat isa ay pinananagot sa alaga niya.

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/5819